

LAFS.

Ni: CorrectionFluid

Hindi ako naniniwala sa love at first sight.

Unang – una sa lahat, para sakin, isa ‘yang malaking kalokohan. Ano ‘to?! Unang kita mo pa lang, mahal mo na kaagad?! Di ba pwedeng crush muna?! O kaya pagnanasa?! Psh. PBB Teens. O sa mas malalimang pananalita, cliché na teleserye. Paulit – ulit lang. Nakakasawa.

Pero anak naman ng dagat.

Ay mali, erase – erase. Susyal ako e.

Son of a beach.

Hindi ko naman kasi akalain na isang araw, kakainin ko rin ‘yang sinabi ko. Ako yung tipo ng tao na hindi umaamin sa pagkakamali niya. Ako yung tipo ng tao na ma – pride. Ako yung tipo ng tao na epal.

Matigas ako e. Hard.

Kaya nga son of a beach talaga.

Uhm, paano ko ba ike – kwento?! Hindi kasi ako magaling sa mga ganito e. Hindi ako writer. Hindi ako reader. Hindi ako speaker. At higit sa lahat ..

Hindi ako maganda.

Listener ako. Listener lang.

Isang araw, nagulat na lang ako kasi mukhang nakalunok ako ng hollow – block at nararanasan ko na yung isa sa mga pakiramdam na isinusumpa ko. Son of a beach.

Ang tahi – tahimik ng buhay ko, bising – bisi ako kaka – daydream sa mga papa na nameet ko sa koreanovela, tapos biglang – bigla .. nabulabog na lang ang buhay ko?!

Paano ba naman kasi ...

Dumating kasi siya sa buhay ko.

Love.

Ako yung sabihin na nating hindi matiyagang magbasa ng kung anik – anik na love story na mabibili mo sa nearest bookstores and bookstands. Totoo sa puso ko na hindi talaga ako palabasa. Hindi nga eh. Yung totoo? Oo nga. Hindi nga talaga. Oo nga po. Hindi nga kasi e!

Kaya wag ka ng makulit.

Ang binabasa ko?!

Hmm .. mahilig akong magbasa ng news at editorial. ‘Yun na. Wala ng iba pa.

Ganyan ako ka – classic na tao. Sa madaling salita, *boring*.

Plain Jane lang. Kumbaga sa pancit canton, ako yung plain. Walang flavor. Hindi ako yung chili, chili mansi, extra hot chili, sweet & spicy, o kaya naman kalamansi. Hindi exciting. *Hindi masarap*.

Ay, ano ba ‘yan.

Nasabi ko na nga ba pangalan ko?! Hindi pa ‘no?! Nauna pa kasing makipagdaldalan kesa magpakilala e.

O sige, eto na.

Ako si –

Darna, ako ang Dyosa .. ako ang Talang nagniningning sa Kalangitan ...

Saglit lang. Tumutunog yung cellphone ko. Mukhang importanteng tawag e. Kanina pa kasi may nagtetest sa cellphone ko, pero dahil pasaway ako, deadma lang.

“Hello?!”

“Oy asan ka?! Punta ka mamaya sa office. Kelangan ka doon. May mag – eexam.”

“New applicant?!”

“Ay hindi. OLD! Malamang diba?! OLD APPLICANT KASI SIYA, kaya siya magte – take ng exam.”

Bastos na bata. =___=

“Bawal magkamali ganon?!”

“Ay hindi. PWEDE! Pwedeng – pwedeng magkamali dahil ikaw lang naman ang EIC ng publication. Kaya okey lang, okey lang talaga na magkamali ka.”

Sipain ko kaya 'to palabas ng publication namin?! =___=

“Oh siya, aalis na 'ko. Kelangan ko pang tingnan kung may spare application forms at exam sheets pa. At saka nga pala ..”

“Ano?!”

“Ayus – ayusin mo 'yang ugali mo ha?! Bwiset na 'to kung makaasta kala mo ikaw ang EIC!”

“Ehehe. Sorry na po boss, nagpa – practice lang. Ako naman kasi ang trainee mo diba?!”

“Hindi. Babye.”

Pinindot ko na yung end button. Bwiset na batang 'yun, masyadong adelantado e. Okey naman siya, efficient, na effective pa. Kung ako lang ang masusunod, siya na gagawin kong EIC by default para sa susunod na academic year e.

Kaso, hindi lang naman ako ang magdedecide. Marami kami. Andyan ang editorial board at ang department heads. So, labu – labo muna bago magdesisyon.

O siya, aalis na 'ko at pupunta pa 'ko ng office.

May old applicant kasing mag – eexam.

At.

E sa totoo lang talaga, uwian ang peg ko araw – araw. Magmula Fairview hanggang UST. UST tapos Fairview. Apat na taon ko nang ginagawa 'to and so far, so good. Wala pa namang nangyayari saking trahedya o ano pa man.

Nasa bus ako ngayon dahil pupunta ako sa UST.

Wala kasi akong pasok, Wednesday kasi. Kung may isang swerte siguro sa pagiging archi student, yun e ang buong restday isang beses sa isang linggo. Wala rin kaming Saturday class, kaya ang swerte lang talaga.

“San ka miss?!”

“UST kuya.”

“Estudyante?!”

Hindi ba obvious na estudyante ako?! Ay siguro hindi, kasi naka – uniform at ID’s lang naman ako. Hindi ba obvious sa naghuhumiyaw kong School ID at Press ID na isa pa lamang akong hamak na mag – aaral?! Hindi ba obvious?! Hindi ba?! Tell me!

“Hindi. Senior po.”

“Isang senior, UST. 25 pesos.”

“Ay grabe, sineryoso ni kuya.”

“E yun ang sinabi mo e. Ikaw, san ka?!”

“UST. Senior.”

“Huh?!”

Napatingin ako doon sa nagsabi na senior siya. Katabi ko pala. At anak naman ng dagat.

Son of a beach talaga.

Iyan ba?! Iyan ba ang mukhang senior?!

E ang gwapo niya kaya?! Oo na, ang landi ko ngayon, at nagmo – moist yung salamin ko dahil sa sobrang pagnanasa sa kanya. Lumundag yung puso ko dahil hindi naman halata na sobrang nabigla ako sa pinaggagawa niya. Imagine, gayahin daw ba yung infamous line ko kay kuya!?

“Senior ka rin?! O siya. 25 pesos din.”

“Salamat kuya.” Sagot niya kay kuyang konduktor.

Tahimik lang ako este kami buong byahe. Nagbabasa siya ng handouts niya e, alangan namang istorbohin ko siya at makipag – FC ako. FC as in **Fling Close**. Haha! Ang landi ba?! Sorry na, minsan lang ‘to kaya pagbigyan niyo na.

Ewan ko kung anong college nito, dahil naka – civilian siya. Siguro, may event or activity sa college nila kaya casual clothes imbes na uniform ang suot niya.

Ako naman, nagsa – soundtrip lang.

NP: Kailan by MYMP

Ano ba yan, ang korni, teka nga mapalitan.

NP: Run to You by Lady Antebellum

Sorry na lang kuyang gwapo na vocalist ng LA, wala ako sa mood na makinig ng mga country music ngayon. Change!

NP: Far Away by Nickelback

Ene be nemen te?! Masyadong senti. Hindi ako emo no. Psh. Lipat.

NP: Out of My League by Stephen Speaks

Hmmm .. pwede na rin. Hehe. Ang gwapo lang ng boses ni SS, tapos ... nakakakilig pa 'yung piano music tapos .. ang ganda pa nung lyrics tapos ..

Dagdag pang ang gwapo nung katabi ko ngayon.

Syet. Nagnanasa na ata ako sa kanya. Sorry po Lord, nagkakasala ako nang hindi ko sinasadya, pero gusto ko pong sadyain.

Napatingin na lang ako sa kanya.

Nagulat ako dahil nakita ko na medyo napipikit – pikit na siya dahil sa handouts na binabasa niya.

Naging bisi pansumandali yung utak ko dahil tinitingnan ko 'yung "handouts" na binabasa niya. Liban sa isang subject na natawa ako kasi, pareho naming kinukuha, napakunot ang noo ko dahil sa isa pang nakita ko.

Pero hindi ko muna ike – kwento. Syempre, pa – suspense effect muna.

And the next thing I knew,

Bigla na lang may ulong sumandal sa kaliwang balikat ko.

First.

Nagmamagdali akong bumaba ng bus. Pano ba naman kase, mag aalas – dose na. At dapat, alas onse nandoon ako sa office dahil iyon ang schedule ng exams namin para sa mga new applicants.

Takbo. Pasok sa building. Swipe ng ID. Hi kay kuya manong guard. Takbo. Pasok sa elevator. Hi kay ateng elevator.

Kung tatanungin niyo ko kung anong nangyari kay kuyang nakalibre ng sandal sa balikat ko?!

Ayun. Paggising niya, nagulat siya kasi wala na siyang damit.

Ni – rape ko kasi. XD

Choz! Joke lang. Kayo naman, di kayo mabiro e.

Uhm, ano kasi .. ganito ‘yun.

E di sumandal na nga siya no?! Tas alam niyo ‘yung feeling na parang nasa cloud 9 ka at 7th heaven!? Ay grabe lang mga tsong. Ang bangu – bango niya. Mainit – init pa. Kumbaga sa ulam, siya yung bagong luto e. Ang sarap lang kainin. Rawr.

Mula Fairview hanggang Welcome, nakasandal siya sa balikat ‘ko.

Tas nung malapit na kami sa Maceda St. ..

“Uhhmm .. Ay sorry, nakatulog ba ‘ko?’”

“Oo e. Pero okey lang, don’t worry.” *Syet! Bakit ka nagising agad?! Mabaho ba ‘ko?! As far as I’m concerned, naligo naman ako kanina ah.*

“Sorry ulit. Nakakahiya.” Sagot niya.

Ang kulit naman nito. Okey nga lang sakin e. =___=

“Okey nga lang.”

“O, pano .. bababa na ‘ko a?!’”

Kuya! Pwedeng wag muna?! Pwedeng mamaya na?! Wag mo kong iiwan!! Kuyaaaaa!!

Ang OA ko na syet.

“Sege. B-bye.”

“Nga pala,”

“Oh?!”

“See you later.”

Weh?! Guni – guni ko lang ba yun o sinabi niya talagang see you later?!

Hmm .. Nevertheless, tama na ang muna ang kalandian. Kelangang harapin at gampanan ko ang aking mga tungkulin.

Pagkarating na pagkarating ko sa office.. anak ng teteng. WALA PANG TAO!! Nauna pa ‘ko?!

“Late na nga ‘ko tapos wala pa sila?! Or siya?! Or kung sino man?! Psh.”

Binuksan ko muna yung aircon, ilaw at pati na rin yung cabinet na pinaglalagyan ko ng answer sheets.

Tapos, naupo.

Dumating na si assumerong assoc. ed.

“Oy, buti nandito ka na?! Aga natin bok a?!”

“Aga your face! Anong oras na?! 11 kamo diba?! O asan na ‘yung old applicant na mag – eexam?!”

“E bok, wag ka naman masyadong high blood. Kung makasigaw ka parang ang aga mong dumating a. If I know kararating mo lang din naman.”

“Peste ka. Asan na nga siya?”

“Nagtext na medyo male – late lang dahil dumaan pa raw siya ng dorm para magpalit ng uniform.”

“Galing naman. Isang oras siyang late ha.”

“At least hindi siya yung EIC.”

“Gagu! Mag – resign ka na nga!”

Maya – maya, may kumatok sa office at napanganga na lang ako dahil ...

“Ikaw?!”

Sight.

May mga bagay talagang mahirap ipaliwanag e. Sino ba naman ang mag – aakalang yung gwapong papa na kasabay ko kanina sa bus yung *old applicant* na mag – eexam samin ngayon?!

Kaya pala may flyer siya na pinamigay namin nung Org Fair. Akala ko naman kasi, napulot niya lang sa kung saan – saan tapos biglang gusto niya lang gawing pamaypay, pamunas o kung ano pa man.

Let’s face it.

Yung hitsura niyang yun?! Magkaka – interes na sumali sa college publication?! Suntok sa buwan ‘dre.

Sa gwapo niyang yun?! Omalabs.

“Sorry kung na – late ako a. Anyway, late din naman si Miss EIC diba?!” Nakangiti niyang bungad.

Pakainin ko ‘to ng sapatos e. Porke gwapo ka, may lisensya ka ng tablahin ako, ganon?! = ___ =

“Umupo ka na. Mag – exam ka na.”

“Teka, teka .. pano mo nalamang late si Miss EIC?!” *Aynako Rein ‘wag kang magulo. Magkaka – bistuhan na!*

Pinandilatan ko yung gwapong *old applicant* para wag sumagot at tiyak, itong si Rein gagawan kami ng issue.

“Uhm, nakita ko siya tumatakbo sa labas ng espana gate.”

Hay, but na lang!

“Okey, so mag – exam ka na.”

“Opo, at para sayo, syempre .. gagalingan ko.”

LAFS.

Spell maharot?!

C-L-Y-D-E M-O-N-T-E-V-E-R-D-E.

Teka, don't get me wrong ha. Pangalan ko yan.

Oo, panlalake na kung panlalake, pero at least, unique ang pangalan ko. Hindi naman kasi ako yung tipong girly – girly e. Lintik lang ang magbibigay sa kin ng anything na kulay pink. Papatayin ko sa bugbog.

Ako lang ang may ganyang pangalan sa college namin. Isipin niyo na lang a, isang babae na napaka – barumbadong kumilos tapos favorite pa color pink!? Eww. Kadiri yun tol!

Anyway .. ayun.

Isang buwan na buhat nong naging official member namin siya. Alam niyo bang sa 30 applicants namin, siya yung highest sa exam?! Naka 90/100 lang naman siya.

Henubenemenyen! Gwapo na, may utak pa. O san ka pa?!

At oo, aaminin kong isang buwan na rin akong nagkakasala sa Poong Maykapal dahil sa pagnanasa ko sa kanya.

Haay. Posible ba talaga 'yun?!

Pakiramdam ko kasi, *gusto* ko na siya. Kahit na alam kong nagkita lang kami dahil nagkasabay kami by chance sa bus nong araw na yun.

Kaso, kahit anong tanong ang gawin ko, hindi ko makuha yung sagot e. Epic fail.

Siguro kasi, may mga bagay na hindi talaga madaling ipaliwanag. Worse, may mga bagay na sadyang hindi talaga naipapaliwanag.

Hindi man kami madalas magkita sa office, madalas naman kaming magkasalubong sa hallway, sa cafeteria sa loob ng building, minsan sa university grounds kung saan maraming nakapalibot sa kanyang chix habang ako naman ay pinagmamasdan lang siya sa malayo.

Feeling ko, ang hirap niyang abutin.

Langit siya, uod lang ako.

Nandito ako ngayon, nakaupo sa may quadri square umbrella. At oo, nagde – daydream na naman habang hinihiling ko sa lahat ng santo't santa na sana, maipasa ko yung drafting namin. Dalawa lang kasi ang grade dun e, either 0 or 100. Ganyan kalupit sa course ko.

Tatlong beses na 'kong nakaka 100. Isang 0. At ayoko nang maulit yun.

Naisubsob ko tuloy ng di oras yung ulo ko doon sa table.

“Ang lalim ng iniisip natin boss ha?!”

“Oh Rein, ikaw pala. Anyare?! Wala kang klase?!”

“Hinde. Nag – cut ako.”

“Gagu ka! Bakit ka nag – cut e alam mo namang mahigpit sa course mo?!”

“Okey lang. Ayos lang sakín na hindi pumasok. Nandito ka naman e.”

“Huh?! Ano?!”

Nahihiwagaan na 'ko kay Rein ha. = ___ =

“Hindi mo ba nahahalata?!”

“Na?!”

“Ano, na uhm .. Aysh! Ano ba yan--“

--“Oh, dito pala kayong dalawa?!”

Syet.

Dumating siya. Yung gwapong magmula sa unang pahina ng istoryang 'to e minamanyak ko sa isipan ko.

“O, Maki. Kamusta?!” Sagot ni Rein.

“As if namang hindi kayo nagkikita e magka – klase lang naman kayo diba?!”

Third year kasi yung dalawa. Ako naman e hukluban na. 4th year na 'ko at oo, alam kong any moment e lilisanin ko na rin ang minamahal kong eskwelahan.

“Psh. Habulin kasi ‘yang si Rein ng mga chix.”

Psh. Teka, parang mali?! Hindi ba dapat description mo ‘yan sa sarili mo?!

“Nako, habulin nga ng ibang chix pero ‘yung gusto ko namang maghabol sakin e,” Tumingin muna si Rein kay Maki bago magsalita, **“Anlayo ng tingin.”**

“G-ganon ba?! Hmm .. Ambagal mo kasi Tol e. Alam mo, mali kasi ‘yang ginagawa mo. Dapat, ganito o..”

Lumapit muna siya sa kinaroroonan ko, tapos .. nagulat na lang ako dahil may kinuha siya sa bag niya, at inabot niya sakin.

Blue magic.

Sa tanang buhay ko, ngayon lang ako nakatanggap neto. Sinabi ko naman senyo kung bakit diba?! Kumbaga nga sa pancit canton, plain lang ako. Walang magkakainteres dahil *hindi masarap*.

“P-para sakin ba ‘to?!” Tanong ko sa kanya.

“Sa tingin mo?! Iaabot ko ba sayo kung hindi?! Psh. Senior ka na nga.”

Naaalala pa pala niya ‘yun?!

“H-hindi kita maintindihan.”

“Ako rin, Maki. Ano na namang kagaguhan ‘to?!” Si Rein.

Nagulat ako dahil sa napansin kong agitation sa boses ni Rein. Para namang krimen ang pagbibigay ni Maki sakin ng Blue Magic?!

“R-rein, makinig ka sa sasabihin ko. At ikaw din, Miss EIC.”

Kinakabahan ako. Ewan. Hindi ko alam kung bakit pero parang dalawang bagay e. Kinakabahan ako dahil mukhang may good news. Sa isang banda, kinakabahan naman ako dahil parang may paparating ding bad news.

“Pre, ang tagal mo na *siyang* kasama, ang tagal mo ng nagkaroon ng pagkakataon kung tutuusin. Pero pre, bakit sinayang mo?! Pasensya na pre, pero hindi naman pwede na tatahimik na lang ako habambuhay. Pre, sorry talaga. Alam ko naman ‘yang nararamdaman mo e.”

Hinayaan ko lang silang mag – usap dahil mukhang na OP na ‘ko dito.

“Pre, masisisi mo ba ‘ko?! Masyado siyang headstrong pre! Yung tipong pag inamin ko sa kanya, baka biglang pugutan niya ko ng leeg. Pre, one last chance. Sasabihin ko lang sa *kanya*.”

Teka, ako ba yung topic dito?!

“Clyde,” hinawakan ni Rein yung kamay ko, **“Alam mo bang matagal na kitang pinagnanasaan?! Kaso, ang manhid mo dre e! Hindi mo man lang nahalata doon sa lahat ng pam – babastos ko sayo na nagpapapansin lang ako. Nung una, hindi ko magets kung bakit ka ganyan e. Almost 3 taon na tayong magkasama, almost 3 years ka ring manhid. Pero Clyde, wag kang mag – alala, kung manhid ka, ako naman TANGA. Mali e, hindi ko dapat sinayang yung pagkakataon, sabi nga ni Maki. Naging duwag ako. Mukhang tanga lang. Ngayon, alam ko na kung bakit hindi mo maramdaman yung pilings ko sayo. Syempre, bilang babae, hinahanap mo rin naman na may magparamdam sayo kung gano ka kaganda, at syempre, kung *paano mo binulabog ang mundo niya*. Pasensya na Clyde a. Pangako, kakalimutan ko rin ‘to. Ibuburo ko para naman hindi ako magmukhang sawi porebah.”**

Nabigla ako sa confession ni Rein. Hindi ko akalain tsong! Takte, yung buhok ko, konting ingat .. baka maapakan niyo!

“R-rein. Kasi naman ‘to e. H-hindi ko alam, sorry.” Iniwas ko yung tingin ko sa kanya.

“Okey lang. Bok, wag kang magdrama. Masyado kang affected. Tulad ng sinabi ko, *gusto kita*,” Nagulat ako kasi bumitaw na siya sa pagkakahawak sa kamay ko, **“Pero may isang tao diyang na matagal nang nakatingin sayo sa malayo, hindi mo lang napapansin. Kung ako TANGA, siya naman, TORPE. Kaya, pagpasensyahan mo na sana.”**

“Tol, ikaw na ang bahala. Hindi ako magpapakamartir sa istoryang ‘to para lang mapunta sa wala. Kaya ikaw, wag mo siyang paiiyakin a?! Kundi, babawiin ko siya sayo. Tatal, *una naman siyang naging akin*.”

“HANURAW!? Meganon, Rein?!”

“Joke lang. O siya. Mag – aminan na nga kayo! Masyado nang humahaba ‘tong istoryang ‘to. Dapat limang tagay lang ‘to, pero mukhang magiging anim dahil sa kakupadan niyo e!”

Nag – kamay sila tapos umalis na si Rein. Pero bago siya umalis, nginitian niya muna ‘ko.

Ewan ko, pero nakaramdam ako ng *guilt*.

Ganon ba ‘ko kamanhid?!

E wala e. Kasi, kahit naman siguro sinabi sakín ni Rein una pa lang, hindi ko rin matutugunan yung pilings niya. Parang kapatid lang talaga ang tingin ko kay Rein. At oo, siguro minsan sa tanang buhay ko nagka – CRUSH din ako sa kanya dahil gwapo nga siya, pero lumipas din ‘yun.

Nong umalis si Rein, mas lalong naging awkward.

“Ano ba?!” Syet. Nagkasabay pa kami.

“Ladies first.” Sabi niya.

“Hindi, ikaw muna. Tatal ikaw ang may promotor nito.” Sagot ko sa kanya.

“Uhm, ano kasi .. first year pa lang ako, malakas na tama ko .. sayo. Kaso, tulad ng sinabi ni Rein, nakakatakot ka kasi para ka ngang leon, na anumang oras e handang *kumain*. Sorry kung 3 years ang pinalipas ko dahil .. dahil .. ngayon lang ako nagkalakas ng loob e. Sorry dahil nung nagsabog ang Diyos ng katorpehan, feeling ko nasalo ko lahat. Gwapo naman ako. Kaya lang—“

--“Kaya lang?!”

“Parang ang hirap mo pa ring maabot. Anlayo mo pa rin kahit na halos abot – tanaw lang kita, kung tutuusin.”

“AY GRABE. Kasalanan ko pa pala kung tyope ka?!”

“Hindi.. I mean ..”

Lumapit muna siya sakín, tapos .. hinawakan niya yung kamay ko. Wapakels kahit na pinagtitinginan kami ng sangkatauhan. Bakit ba?! E moment ko na ‘to!

Moment ko rin sa wakas para sumaya.

“Clyde Monteverde, *will you be my .. girlfriend?!*”

Syempre, ano pa nga bang isasagot ko?!

“Girlfriend agad?! Hindi ba pwedeng manligaw ka muna?! Ano to, PBB Teens?!”

“Manliligaw naman ako sayo e. Yun e kung ..”

“Papayagan mo ‘ko.”

Love at First Sight.

Minsan, may mga bagay talagang hindi maipaliwanag.

Totoo yan. Wag ka ng umangal.

Tulad ng istorya naming dalawa.

Nagsimula sa patikim – tikim .. ay mali, nagsimula sa patingin – tingin.

Natatawa nga ako ‘pag naaalala ko kung paano kami unang nagkita e. See?! Malaki ang role ng bus sa buhay ko. Kaya para sa mga nag – rereklamo diyan dahil hindi pinagdo – dorm ng mga magulang, wag na kayong mag – inarte.

Malay niyo. Yung makakatabi niyo pala sa bus ang nakatakandang gumulo ng buhay niyo.

Yung *senior* na ‘yun?! Aynako. Matapos ko siyang payagang manligaw sakin, wala na siyang ginawa kundi pakiligin ako. Kundi palundagin sa tuwa’t kilig ang puso ko. Hindi siya tumigil.

Syempre, lahat ng bagay, nangyayari ayon sa nakatakandang panahon.

Grumaduate ako. Yeahbah! Cum Laude ako mehn! Yung *senior* ko naman, Magna Cum Laude nong grumaduate siya. Nahiya naman ako sa brains niya.

Ngayon naman ..

Magkikita kaming dalawa para kausapin yung wedding planner namin.

Sino ba naman ang magaakala na ang isang plain flavored pancit canton na tulad ko e mamahalin ng delicious at delectable papa na tulad niya?!

Kung tutuusin, imposible diba?!

Parang magic. Parang fairy tale.

Fairy tale na nangyari sa totoong buhay.

Ikaw anong—

--“Senior, tapos na ba ‘yan?’”

“Hindi pa po senior. Atat masyado?!”

Tinatype ko kasi ‘tong manuscript na ‘to dahil balak ko sanang ipasa sa **CorrectionFluid Publishing House**. Aba syempre, gusto kong ikwento sa madlang pipol yung magulo at nakakatawa naming lab istorya no?!

Oo nga pala.

Si Rein?!

Ayun. Matapos siyang mabigo sa pag – ibig, nagbuhay – binata siya at pumasok sa seminaryo.

De, joke lang. XD

Best man siya sa kasal namin. Tapos, kapartner naman niya yung pinsan ko na si Ran, na siya namang maid of honour.

Natatawa nga ako e. Halatang – halata naman kasing *iba yung tama* ni Rein kay Ran, masyado lang talagang torpe itong former assoc. ed ko e. Bwahaha!

Pero ang nakakatuwa naman doon, kakaiba silang dalawa dahil magsisimula ang lab istori nila sa kasal, at sana ..

Matatapos din sa kasal.

Ito namang si Maki ..

“Senior,” Lumapit siya sa kinauupuan ko at niyakap ako mula sa likod ... nagulat nga ako kasi hinalikan niya ko sa leeg este sa batok e.

Maki, wag kang maharot, baka mauna pa yung honeymoon natin kesa kasal at reception!

“Oy Maki, wag kang magulo. Matatapos na ‘tong tinatype ko!”

“Hmmm .. mamaya na ‘yan. Para kasing ... gusto ko ng maging daddy.”

“ANO?! Oy, ano ba, hihii.. wag diyan, nakikiliti ako diyan. Oy Maki, pang – parental guidance yang iniisip mo, oy ano ba!”

O siya, mukhang mabibitin na naman kayo. Lagot na ko kay ateng **CorrectionFluid** dahil ang tagal bago ko matapos ‘tong lintik na manuscript na ‘to. Pasensya na at ang harot kasi ng husband to be ko e.

“Clyde,”

“Oh?!”

“I love you.”

“I love you too, Maki.”

Ngayon, aaminin kong naniniwala na ko sa milagro. Isipin niyo ah, lahat tayo, araw – araw naghahanap ng himala. Hindi natin namamalayan na yung simpleng bagay – bagay lang sa paligid natin e maituturing din palang milagro.

Milagrong tulad ng ..

Love story namin ni Maki.

At oo, malandi na kung malandi pero ngayon, masasabi kong dahil sa istorya naming dalawa ng pinakamamahal kong delicious at gwapong papa ..

Naniniwala na ko sa love at first sight.

Ikaw, naniniwala ka rin ba?

**-THE END-
(c July 2012 by CorrectionFluid)**